MGA KUWENTO NG BATANG MANGGAGAWA[1]

ni Amaryllis T. Torres

Kaakibat ng isyu ng kaunlaran ang mga usapin sa kababaihan at kabataan. Tinatalakay dito sa saliksik ang isang mukha ng sari-saring isyu ng kabataan – ang pagiging bahagi ng lakas-paggawa. May timpla ng drama, katatawanan, at pantasya ang buhay ng mga batang manggagawa subalit sa kabuuan, isang matingkad na trahedya ang kanilang karanasan.

Sino ang Kabataan?

Nagkakaiba-iba ang tinutukoy na bata sa ating mga batas. Sa *Child and Youth Welfare Code* (PD603), tinutukoy sa kabataan ang sinumang mas bata sa 21 taong gulang, maliban sa mga itinuturing na "emancipated by law." Ayon sa *Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act* (**RA 7610**) at sa *Juvenile Justice and Welfare Act of 2006* (RA 9344), kabilang sa mga bata ang sinomang hindi pa umaabot sa 18 taong gulang. Ang ganitong pakahulugan ay umaayon sa depinisyon ng 'bata' [child] na nakapaloob sa *Convention on the Rights of the Child,* na siyang pinagtibay ng United Nations noong 1989.

Noong 2009, higit sa 28.7 milyon ang mga batang Filipino na may edad na 5-17 taon, at 10.8 milyon naman ang hindi pa umaabot sa 5 taon (BLES-DOLE; UNICEF). Malaking bilang ng mga bata ang naninirahan sa Kamaynilaan, sa Gitnang Luzon, at sa CALABARZON.

Sa larangan ng paggawa, itinuturing na mga batang manggagawa (child worker) ang lahat ng mga batang may trabaho na hindi pa umaabot sa 15 taong gulang, samantalang ang mga 'youth worker' ay iyong mga manggagawa na 15-17 taong gulang. Mula sa kabuuang bilang ng mga kabataang Filipino, natuklasan na mayroong 772,000 na mga batang manggagawa na nagkakaedad ng 5-14, at karamihan (63%) ay mga lalaki (BLES-DOLE).

Mga Batang Manggagawa

Masama bang pagtrabahuhin ang mga bata? Hindi ba kailangang matuto silang gumawa para maging responsable at matutong kumita? Bakit ito naging isang umuugong na isyu sa buong mundo?

Ayon sa Convention 138 (*Minimum Age Convention*) at Convention 182 (*Worst Forms of Child Labour Convention*) ng International Labor Organization (ILO), ang paggawa ng mga bata (child labour) ay mahigpit na ipinagbabawal kung ito ay nagiging sagabal sa kanilang pagkamit ng iba pa nilang mga karapatan, tulad ng karapatang mag-aral, manatiling malusog at ligtas sa panganib. Kung gayon, ang paggawa ng bata ay kailangang ipagbawal sa sumusunod na pagkakataon (Torres):

- Masyado pang mura ang gulang ng bata para sa paggawa, o nagiging hadlang ang paggawa sa kanilang pag-aaral;
- Lubos na mapanganib ang trabaho at delikado para sa kaligtasan at kalusugan ng bata, halimbawa dahil sa paghantad sa mga peligro sa kapaligiran (environmental hazards), o dahil sa haba ng oras ng paggawa;
- Ang paggawa ay kabilang sa mga pinakamasamang uri ng paggawa ng mga bata (worst forms of child labour): tulad ng pagkakasangkot sa prostitusyon at iba pang klase ng gawaing seksuwal; paggawa sa ilalim ng tubig, sa ilalim ng lupa, sa kabundukan o matatarik na lugar; paggamit ng mga delikadong makinarya at iba pang gamit-paggawa; paglanghap ng usok, kemikal o iba pang uri ng panganib sa katawan o kalusugan.

Sa mga batas ng Pilipinas, ang partisipasyon ng kabataan sa paggawa ay pinahihintulutan lamang kung ito ay isinasagawa kasama ng mga magulang, hindi mabigat na trabaho para mga bata, at hindi sagabal sa kanilang pag-aaral. Subalit, sa kabuuan, ang diwa ng batas at mga polisiya ng pamahalaan ay nagsasaad na ang pangunahing karapatan ng mga kabataan ay ang kanilang pag-aaral, at anumang sagabal dito ay dapat isantabi o di kaya ay wakasan.

Subalit hindi lahat ng uri ng pagtatrabaho ng mga bata ay tinataguriang paggawa ng bata. Ang pagtatrabaho sa loob at paligid ng bahay, tulad ng paglilinis, paglalaba, pag-igib ng tubig o pag-alaga sa mga sanggol, kung hindi sagabal sa pag-aaral o delikado sa bata, ay hindi ipinagbabawal.

Ang Mundo ng Batang Manggagawa

Noong 2001 *Survey of Children,* natuklasan na umabot sa 13.4% ng populasyon ng lahat ng mga batang Pilipino, mula 5-14 taong gulang, ang mga batang manggagawa (ILO, 2007). Nitong 2009, ayon sa Department of Labor and Employment, bumaba na ito sa 2.69% (BELS-DOLE, 2010), marahil dahil sa tagumpay ng iba't ibang mga programa laban sa paggawa ng bata.

Sino-sino at saan nagtatrabaho ang mga batang manggagawa?

Mula sa naging paglubog ng mananaliksik sa larangan, nasaksihan ang iba't ibang anyo ng buhay ng mga batang manggagawa. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

Ang Batang Manggagawa sa Agrikultura

Karaniwan, ang isang batang manggagawang nasa agrikultura ay tumutulong sa paggawa sa bukid ng kaniya mismong pamilya o di kaya sa lupain ng kamag-anak, o nagpapaupa sa iba. Ang haba ng oras ng paggawa ng bata sa agrikultura ay naaayon sa takbo ng produksiyon at sa iskedyul ng paaralan. Kadalasan, tumutulong ang mga bata sa palayan, tubuhan, niyugan,

tabakuhan o gulayan bago mag-umpisa ang klase, o sa pag-uwi nila, mga 2 hanggang 3 oras bawat paggawa. Subalit, sa panahon ng pag-aani, o kapag bakasyon, mas humahaba ang oras ng kanilang paggawa, humigit kumulang, umaabot ng 10 hanggang 12 oras.

Sa katunayan, nawawalan ng laman ang mga paaralan sa panahon ng anihan dahil kapuwa babae at lalaking bata ay lumalahok sa paggawa. Para sa ilang batang manggagawa, mahirap pagsabayin ang pag-aaral at paggawa sa bukid. Hindi na nila kayang mag-aral ng leksiyon dahil sa kapaguran, madalas lumiban o mahuli sa klase. Kung kaya, ang ilan ay hindi na lang pumapasok, lalong-lalo na iyong mga mas matanda na sa kanilang mga kaklase (NSO & ILO-IPEC).

Naaayon din ang paggawa sa edad at kasarian ng bata. Kadalasan, pagdadamo lang o pagdidilig ng halaman ang inaasa sa mga batang wala pang 10 taong gulang. Ito ay madalas ding ginagawa ng mga batang babae kasama ng kanilang mga nanay. Ang mga mas matanda na, 10 hanggang 14 taong gulang at karaniwan mga lalaki, ay tumutulong sa paglagay ng abono, paglipat ng pananim, pag-*spray* ng gamot, pagtabas ng tubo, o paggatong sa *flue* para sa tabako. (Torres, et.al.; Torres; Torres)

Maraming panganib ang hinaharap ng mga batang manggagawa sa agrikultura. Kasama rito ang mga aksidente sa paggamit ng itak, gulok, at iba pang kagamitan; pagkahilo dahil sa tindi ng init; sakit ng ulo, ubo't sipon, *rhinitis*, at pulmonya; pagkagutom at pagkauhaw; kati mula sa gamot ng abono; sakit sa baga mula sa mga kemikal na spray; kagat ng mga hayop; at iba pang mga sakuna (NSO & ILO-IPEC, 2003; Torres, et.al.; Torres; Torres).

Sa kabila ng hirap nila sa paggawa, madalas ay hindi binabayaran ang mga bata sa agrikultura. Kasama sila sa klasipikasyong '*unpaid family workers*' (NSO & ILO-IPEC). Ang kita mula sa produksiyon sa sariling mga lupain ay pumapasok sa *family income*. Ang mga batang nagtatrabaho sa tubuhan ay nakapaloob sa sistema ng pakyaw. Dito, ang bayad sa pag-aani ay ibinibigay lamang sa ama o nakatatandang kapatid (Torres). Ang mga batang may tuwirang kita naman ay karaniwang nababayaran ng mas mababa kaysa sa mga trabahador na mas magulang na: dahil daw payak na gawain naman ang inuutos sa kanila, o di kaya'y kulang sa

isang araw na paggawa. Sa halip na bayaran ng kuwarta, ang ilang batang manggagawa sa agrikultura ay binibigyan ng mga kasuotan, panggastos sa pagkain at pamasahe, o tulong sa gastos sa paaralan.

Mga Batang Kasambahay

Kapag ang batang babae ay nagdadalaga na, mas madalas na ito'y nahuhugot sa ibang uri ng paggawa, tulad ng pagtitinda sa palengke, pagwe-*waitress*, o pamamasukan bilang katulong sa bahay (Torres). Tumataas din ang posibilidad na mamasukan ang mga batang babae sa mga buwan ng taghirap: bago pumasok ang ani. Sa ganitong panahon, malamang maging kasambahay sa nagmamay-aring lupa ang mga dalagita sa baryo.

Hindi madali ang sitwasyon ng batang kasambahay. Walang tiyak na oras sa paggawa sa loob ng bahay, at sari-sari o ano-anong klase ng gawain ang ibinibigay sa kanila. Sila ay humaharap sa iba't ibang uri ng pag-aabuso: mula sa pagmumura, pananakit, pagkagutom, labis na pagkapagod at pagpupuyat, hanggang sa abusong seksuwal mula sa mga among lalaki. Madalas din silang nakakaramdam ng pagkalungkot, lalo na kung pangunahing beses pa lang silang nahiwalay sa magulang.

Madalas, naibigay na ang suweldo ng batang babae sa kaniyang magulang bago pa siya mamasukan. O di kaya, ito ay inaasahan nilang matanggap buwan-buwan. Masuwerte ang mga batang kasambahay na binibigyan ng oras upang mag-aral. Subalit ang karamihan sa kanila ay wala nang pagkakataong ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, lalo na ang mga nagtatrabaho sa Maynila o iba pang malalaking lungsod (Torres).

Sa kabila ng ganitong sitwasyon, kung maganda ang trato ng mga amo sa kabataan, may pakiramdam ang marami sa kanila na mas masuwerte sila kaysa sa mga naiwan sa bukid. Mas moderno ang kanilang tirahan sa siyudad na may maraming kagamitan, nakakapanood sila ng TV at sine, at nakakapakinig ng makabagong tugtugin. Malamang, nakakakain sila nang regular at nakakatikim pa ng mga panibagong ulam. Maraming aliwan sa lungsod, at kapag day-off, maraming lugar na maaaring pasyalan. Sa katotohanan, kinaiinggitan ng mga batang

naiwan sa probinsiya ang mga kasambahay. Kapag umuwi sila ng piyesta, magaganda ang damit nila, naka-*make-up*, nakasuot ng sapatos, at may mga palawit sa tenga o kamay. Marami rin silang naipapakitang mga retrato ng mga lugar na napasyalan nila: mga *shopping mall* at mga liwasang maaliwalas, mga resort at restaurant.

Pagkalakal ng Mga Bata (Child Trafficking)

Mas malaki ang panganib na hinaharap ng mga batang manggagawa sa bahay kapag sila ay nasilo ng mga sindikato ng 'human trafficking' o pagkakalakal ng mga bata. Ganito ang sistema ng pag-*recruit* sa mga bata, ayon sa mga ulat ng mga NGO: Pupunta ang mga recruiter sa mga liblib na pook sa Luzon, Kabisayaan, o Mindanao. May mga kontak sila rito na siyang magtuturo kung saan ang mga bahay-bahay na mayroong mga batang maaaring ma-recruit, madalas sarili nilang mga kamag-anak. Aalukin ng recruiter ang mga magulang ng salapi, basta't payagan nila ang mga batang sumama at magtrabaho sa siyudad bilang mga katulong sa bahay, kasama sa barko ng pangingisda, o trabahador sa pabrika. Madalas, bayad na ang isang taong paggawa ng bata. Dahil sa kagipitan ng mga pamilya, at dahil marahil sa kanilang pagtiwala sa kamag-anak o kababayang recruiter, papayagan ng mga magulang na sumama ang mga bata sa recruiter.

Kapag marami na ang na-recruit na mga bata, isasakay ang mga ito sa bus o sa mga barko at dadalhin sa siyudad, kung saan sila ay mamamasukan bilang mga batang manggagawa. Maaaring maging kasambahay ang mga bata. Sa ibang pagkakataon, dinadala sila sa mga *brothel*, at kinukulong upang maging kasangkapan sa prostitusyon. Marami rin (lalo na ang mga lalaki) ang dinadala sa mga '*sweatshop*' at kinukulong bilang mga manggagawa sa pabrika.

Ang sumusunod ay ilang mga kuwento ng pagsagip ng mga bata sa pagkakalakal:

Pagkalakal ng Batang Kasambahay

I became personally involved when a case of trafficked child domestic worker was reported to Visayan Forum Foundation in 2000. She came from a poor rural community in Central Philippines. The trafficker promised her and her family Php2,000 (US$40) monthly salary. An advance payment of Php500 (US$5) was given to her mother. She ended up paying double the amount including the finder's fee and transportation which put her in a bonded situation for almost a year. She ended up serving 6 different families without pay. She was starved, not allowed to go out of the employer's house. She was bitten by a child of her employer and was even raped by her male employer.

– Cecilia Flores Oebanda, Executive Director, Visayan Forum Foundation

Pagsagip sa Prostitusyon

MANILA, March 18 (PIA-NCR) -- Some 20 minors were rescued by the Sagip Batang Mangagawa Quick Action Team (SBM-QAT) from Pacific Blues KTV Bar and Restaurant in Parañaque City and Grand Inihaw Garden in Quezon City recently.

According to one of the rescued minors, they were asked to dance in nude or flimsy attires. Patrons were allowed to touch their sensitive parts and they were also ordered to engage in sexual acts for a fee. Sixteen alleged perpetrators were formally charged with qualified trafficking.

For employing minors in prostitution, SBM-QAT said both Pacific Blues KTV Bar and Restaurant and Grand Inihaw Garden were ordered permanently closed in violation of Republic Act 9231 or an Act Eliminating the Worst Forms of Child Labor, Affording Stronger Protection for the Working Child.

– Baguio News, *Baguio News Updates*

Sagip-Bata Manggagawa

It started in 1992 when a group of workers and a social worker agreed with the UNICEF's Child Labor office and the government's coordinating body of all child-related programs and services, the Council for the Welfare of Children (CWC), to do an innovative approach to investigating the problem of child labor.

It was in Navotas where we [Kamalayan Development Foundation, KDC) found other groups of child workers, the child workers in commercial fishing and the stay-out child workers in a certain Island Sardine factory. In June, the stay-out child workers informed us about certain child workers who were not allowed to go out of the factory premises. In July, one of us, a woman worker, applied for a job and worked in the Island Sardine factory. Then, three women workers did the same in its sister factory, the Young's Town Sardine factory. And they discovered bonded labor and bonded child labor.

Contacts with various local organizations and unions brought KDC to other similar cases of child exploitation. Thus, the Young's Town rescue operation was followed by other rescue operations. Teams of DOLE officials, NBI agents and KDC workers delivered from extreme exploitation and illegal detention bonded workers and child workers from a Robina Cooking Oil warehouse in Cainta, Rizal and a Gold Top Plastic Corporation in Kalookan City.

– Kamalayan Development Foundation

Pangangalakal ng Seks at Eksploytasyon ng mga Bata (Commercial Sexual Exploitation of Children)

Mahirap matukoy kung ilang bata ang naging biktima ng pangangalakal para sa iba't ibang uri ng serbisyong seksuwal at prostitusyon. Ayon sa mga pananaliksik, maaaring umabot sa bilang na 60,000 hanggang 75,000 ang mga batang manggagawa na naging biktima ng

eksploytasyong seksuwal (***Global March against Child Labour, n.d.)***. Karamihan sa kanila ay mga batang babae at tumigil na sa pag-aaral (Juvida, 1997). Sa murang edad pa lang nasasangkot na ang mga bata sa gawaing seksuwal, kapuwa mga babae at mga lalaki. Maaaring naging biktima sila ng pagkalakal (trafficking) sa bata. Mayroong na-recruit ng mga kamag-anak o napasama sa mga kabarkada. Nakalulungkot na mayroon ding mga batang tinulak sa prostitutsyon ng mismong mga magulang nila upang magkasalapi (Juvida).

Mayroon ding mga batang naging '*commercial sex workers*' sa sarili nilang desisyon. Sa mga babae, maaaring nag-umpisa sila bilang mga waitress at nakarinyo ng customer. Binigyan ng regalo at niyayang mamasyal. Dahil nawili na sila sa pagkakaroon ng pera at kasangkapan, pinagpatuloy na nila ang kanilang paggawang seksuwal. Ang mga lalaki naman ay karaniwang may ibang mga trabaho at patago ang kanilang partisipasyon sa gawaing seksuwal. Kabilang sa kanila ay mga *barker* at *dispatcher* ng sasakyan; *parking attendants*; *pedicab drivers*. Mayroon ding mga dating magnanakaw (*petty thieves*) at mga *drug addict* (Torres).

Subalit, sa anumang paraan sila naging biktima ng seksuwal na pangangalakal, karaniwan ay malayo ang lugar ng paggawa ng mga bata mula sa kanilang pinagmulang bayan o probinsiya. At, karaniwan ay hindi alam ng kanilang mga pamilya ang tunay na uri ng trabahong napasukan nila.

Sari-sari ang mga anyo ng eksploytasyong seksuwal sa mga kabataan. Mayroon tinatawag na *free-lancers*; akyat-barko; mananayaw at *macho dancers*; *female masseuse*; *female GROs*; sistemang-palit; brothel girls; *trafficked children*; *jeepney girls*; *bar girls*, *karaoke girls*; *dance instructors*; *models*; *singers* (Torres, 2004). [2] Mayroon ding tinatawag na '*syndicated prostitutes*,' kabilang ang mga batang 8 taong gulang lamang, at mga '*bar prostitutes*' na karaniwan ay 14 taon na.

Malaking bahagi sa mga customer ng mga bata sa seksuwal na pangangalakal ay mga turistang dayuhan. Subalit nakararami pa rin ang mga customer na kapuwa Pilipino (Juvida, 1997). Kumikita ang mga bata ng malaking halaga sa kanilang paggawa: mula ₱260 hanggang ₱1,300 sa isang araw. Kaya lang, 60% hanggang 75% ng kanilang kita ay napupunta sa bugaw.

Maraming epekto ang pakikilahok sa paggawang seksuwal. Maaaring abusuhin ang mga bata ng kanilang mga customer, ng kanilang bugaw, o pati na ng mga pulis. Lubos na pagkapagod at pagkapuyat ang inaabot nila, kung umaabot sa 8 o 10 ang kanilang customer sa isang araw. Maaari silang magkaroon ng STDs o HIV-AIDS, lalo na kung sila'y tinatago sa mga casa at hindi nakakapagpatingin sa doktor. Bihira sa kanila ang gumagamit ng *contraceptive*, kung kaya't maraming nabubuntis. At, maaari ding maaresto at makulong ang mga bata sa paggawang seksuwal.

Narito ang kuwento ni Sharon, isang batang biktima ng pagkalakal ng seks:

Kuwento ni Sharon

Sharon, a 13 years-old schoolgirl was forever cutting classes at her village school and, fearful of her parents wrath, took a bus from her village and headed for the big city - Manila. She wound up in Luneta Park, where a kindly stranger befriended her - and then her real troubles began.

''She looked motherly,'' Sharon said of the woman she would later call 'Sister Malou'. ''She said we wouldn't go far and that she'd give me a good job.''

Malou took the girl to Angeles City in Pampanga province north of Manila, down to a cluster of shanties separated by dark, narrow alleys. Before the night was over, someone had paid 30 U.S. dollars to sleep with Sharon, a virgin.

''My back ached and I bled,'' she said, recalling that her share of the money that night was just over one dollar. ''I tried to run away but the guard at the door blocked my way and pushed me back into the room. I cried and cried all night.'' …

At the house where Sharon spent seven months, five of the eight ''working girls'' were under 17. Sharon had eight to 15 customers every night, even when she had her menstrual period or was running a fever. By the time she escaped with a customer's help …, Sharon estimates she had serviced more than 1,500 clients.

– Sol F. Juvida, Inter Press Service

Mga Batang Minero

Ang huling anyo ng batang manggagawa na tatalakayin sa pananaliksik na ito ay ang mga bata sa minahan. Angkop na bigyang-pansin ito dahil madalas na nasa diyaryo ang industriyang minahan sa ngayon.

Ayon sa paniwala ng ating mga ninuno, malas magkaroon ng babae sa minahan, lalo na mga batang babae. Mawawala raw ang suwerte sa paghahanap ng ginto, at nagiging dahilan ito ng mga aksidente, tulad ng mga *cave-in*. Subalit, sa mga pag-aaral ng maliliit na minahan at tibagan, lalo na ang pinapalakad ng mga pamilya, kapuwa batang babae at lalaki ay matatagpuan dito, datapwa't mas nakararami ang mga lalaki (2:1).

Karaniwan, sa mga lugar ng maliliit na minahan at tibagan (*small-scale mining and quarrying*), walang ibang pinagkikitahan ng pera, kung kaya't pinagtutulungan ng bawat pamilya ang pagmina ng ginto, marmol, at iba pang mga mineral. Mga bata mula 3 hanggang 14 na taon ay lumalahok na sa pagmimina o pagtitibag ng bato. Sa katunayan, ang pagkasangkot ng mga bata sa pagmimina ay salamin lamang ng naging karanasan mismo ng kanilang mga magulang. Bahagi ito sa tinaguriang "*cycle of poverty and child labor*," at nangangahulugang hindi nagbabago ang katayuan ng mahihirap (Torres).

Mayroong magkakaibang gawain ang mga bata at matanda, ng mga kababaihan at mga kalalakihan, sa minahan at tibagan. Mayroon ding mga hakbang sa pagmimina na kayang gawin nilang lahat, tulad ng paglagay ng *mercury*, pagputol sa bato, pagsasako ng mineral, at iba pa.

Karaniwan, magkasama ang mga nanay at anak na babae sa paggawa. Sa tibagan ng marmol, ang mga babae ang nagtatayo ng mga '*ashlines*' bilang dingding ng tibagan at tumutulong sa pagbasag ng mga bato. Sa minahan ng ginto, kalahok sila sa paghakot ng bato, *panning* at *sluicing* ng ginto. Ang kalalakihan ang gumagawa ng mabibigat na gawain tulad ng paghakot ng malalaking bato, paglipat ng marmol, *tunnelling*, *ball mill*, at *compressor mining*. Ang mga batang lalaki ang karaniwang pinapapasok sa maliliit na tunnel, kung saan hindi puwedeng tumayo ang isang tao. Ang mga 'abantero' na bata ay nananatili sa ilalim ng lupa ng mga 3 oras, at kung minsan, magdamagan.

Dahil sa negosyong pampamilya ang maliliit na minahan, kakaunti ang mga gamit pangkaligtasan ng mga ito. Walang guwantes at takip sa ilong ang mga manggagawa sa pagtibag ng bato o sa paghawak ng mercury. Mainit, maalikabok at maingay ang mga lugar ng minahan o tibagan. Karaniwan, nakayapak ang mga bata habang naglalakad sa mga bato, at nakayuko sa panning at sluicing. Kapag gumagawa ng mga *shaft*, nakababad ang mga paa nila nang ilang oras.

Maraming panganib ang hinaharap ng mga bata sa minahan. Kasama rito ang paghantad sa kemikal at pisikal na peligro, pagkalason, pagkakoryente o pagkaaksidente, *heatstroke* o *sunstroke*. Kabilang sa mga karaniwang reklamo ng mga minerong bata ay ang pamamaga ng balat, pagtatae, *hepatitis*, at *anemia*. Sila rin ay napapagod nang husto at sumasakit ang mga kalamnan sa kanilang mga kamay at paa. Maaari ding mamatay ang mga manggagawang bata, kapag nagkaroon ng cave-in at sila ang nasa ilalim ng lupa.

Bukod sa mga problemang ito, mayroon ding mga insidente ng *incest* at *rape*, lalo sa mga liblib at malalayong kabundukan, subalit ito ay karaniwang hindi naisusumbong sa mga awtoridad. Kapag may "*gold rush*," gumagamit ng mga bawal na gamot ang mga minero, para makaya nilang magtrabaho nang tuluyan. Subalit, marami sa mga batang manggagawa sa minahan ay pumapasok sa paaralan at nagtatrabaho lamang kapag bakasyon, bago pumasok o sa pag-uwi mula sa paaralan.

Ang Pagkatao ng Batang Manggagawa

Anuman ang uri ng paggawa ng mga batang manggagawa, halos lahat sa kanila ay may ambisyong makatapos ng kanilang pag-aaral. Nakikita nila ito na isang paraan upang makatakas sa kahirapan, na siyang pangunahing sanhi ng kanilang paglahok sa paggawa. Marami ay nag-aambisyong maging propesyonal o makahanap ng magandang hanapbuhay upang lubos pang matulungan ang kanilang mga pamilya.

Kahit sinasabi nating ipinagbabawal ang pakikilahok ng mga bata sa mga delikadong uri ng paggawa, hindi sila karaniwang malungkot at desperado. Sa katunayan, masaya ang mga

bata kapag gumagawang may kasamang mga kaibigan, magulang, o mga kapatid. Nagiging oportunidad na makapaglaro, magkakuwentuhan at magkasama-sama sa paggawa. Pagdating ng suweldo o kabayaran mula sa trabaho, ito ay nagbibigay ng kasiyahan, sapagkat kapalit ito ng kanilang kapaguran at kahirapan. Bukod dito, mayroon na silang magagastos para gumaan-gaan nang kaunti ang kahirapan ng buhay.

KONGKLUSYON

Ang mga kuwentong buhay ng mga batang manggagawa ay hindi para sa mga bata.

Karaniwan, ang panitikang pambata na nais nating maisulong ay iyong makapagbibigay ng ligaya, makahuhubog ng mga positibong pananaw at kahalagahan, sa kabila ng pagkatuto. Bagay ito para sa mga anak nating mga guro, manunulat, propesyonal at iba pang nakaaangat ang katayuan sa lipunan.

Ano naman ang panitikang maaari nating ipabasa o ipakita sa mga batang nakalubog sa hirap at eksploytasyon? Paano natin ito ipamamahagi sa kanila, sa anong midyum, at anong antas ng wika?

Ang mga kuwentong buhay ng mga batang manggagawa ay hindi para sa mga bata. Para ito sa ating may edad na upang mas maintindihan natin ang kalagayan nila at sama-sama tayong makagawa ng mga hakbangin upang mabago ang kanilang katayuan. Para ito sa mga manunulat na may kakayahang sumulat nang malinaw at magkuwento nang mahusay, kanino man, kailan man.

Bilang panghuli, mahalagang paglimian ang naging pahayag ni *Kailash Satyarthi noong Global March against Child Labor (Global March, 2011):*

" When you produce a bullet,
you commit another sin against mankind,
but when you make a toy or a book
you bring hope and smile to a child."

Kailash Satyarthi, International Coordinator
Global March, 23 January, 1998

---

1 Mula sa naging talumpati para sa Ikatlong Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata, 14-16 ng Oktubre, 2011, Claro M. Recto Hall, College of Arts and Letters, UP Diliman, Lungsod Quezon.

2 Impormasyon mula sa mga NGO na tumutuligsa sa pagkalakal ng mga bata sa gawaing seksuwal.

MGA SANGGUNIAN

Baguio News. Sagip Batang Manggagawa rescues 20 minors from 'prostitution.' Web. 18 Marso 2011. <http://www.baguionews.net. >

BLES- DOLE [Bureau of Labor & Employment Statistics, Dept. of Labor and Employment]. Gender Statistics on Labor and Employment (2010). Web. <http://www.bles.dole.gov.ph/PUBLICATIONS/2010 Gender Stat/Statistical Tables/>

Global March against Child Labour. Report on the Worst Forms of Child Labour. <www.globalmarch.org/resourcecentre/world/philippines.pdf>.

Global March against Child Labour. Quotes, 2011. Web. <http://www.globalmarch.org/*aboutus/quotes.php.*>.

Humantrafficking.org. Cecilia Flores-Oebanda, Founder and Director, Visayan Forum Foundation. Experts Corner. Web. 2011. <http://www.humantrafficking.org/expert_corner/7.>

ILO-IPEC [International Labour Organization- International Programme on the Elimination of Child Labour]. Child Labour Data Country Brief, 2007. Web. <*www.ilo.org/ipecinfo/product/*

download. pdf. >

Juvida, Sol. Philippines-Children: Scourge of Child Prostitution. IPS: Inter Press Service, 1997. Web. <http://www.ips.fi/koulut/199742/6.htm.>

Kamalayan Development Foundation. About Kamalayan Development Foundation, 2011. Web < http://kamalayandevelopmentfoundation.weebly.com/about-kdf.html.>

NSO [National Statistics Office] & ILO-IPEC. *2001 Survey of Children 5-17 Years Old*. ILO: Manila, Philippines. 2003.

Torres, Amaryllis T, M. dela Cruz, M. Villanueva, E. Selva, C. Leones, M. Budac. Rapid Appraisal of Child Labor in the Tobacco Industry – Philippines, 2002. Web. <http://www.eclt.org/filestore/PARTNERS_Appraisal_CL_Tobacco_Philippines.pdf.>

Torres, Amaryllis T. *Lifting the Veil: Gender Assessment of Child Labor*. Final report submitted to ILO-IPEC, 2004. Unpublished report.

Torres, Amaryllis T. et.al. *Nurturing Children for a Better Future: Gains and Prospects from the National Program against Child Labor*. Final Report submitted to BWYW-DOLE & ILO-IPEC (unpublished report). 2007.

UNICEF [United Nations Children's Fund]. *At a glance: Philippines.* UNICEF, 2011. Web. <http://www.unicef.org/infobycountry/philippines_statistics.html.>